

Sanayang-Aklat: Epekto sa Pagpapalawak ng Talasalitaan at Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-Unawa sa Pagbasa ng mga Mag-Aaral

Arlene G. Padrique¹, Fausto C. Romero Jr. PhD¹
1 – Naga College Foundation Inc.

Publication Date: June 10, 2026

DOI: 10.5281/zenodo.20621099

Abstract

Mahalaga ang paglinang ng kasanayan sa pagbasa dahil ito ang nagsisilbing pundasyon ng lahat ng pagkatuto, akademikong tagumpay, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang epekto ng binuong sanayang-aklat sa pagpapalawak ng talasalitaan at pagpapaunlad ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 9 ng Naga City Science High School para sa Taong Panuruan 2024–2025, gayundin matukoy ang kabisaan ng paggamit ng nabuong sanayang-aklat bilang interbensiyonal na kagamitang pampagtuturo. Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibo-komparatibong metodolohiya at ang ADDIE Model sa pagbuo ng materyal. Isandaan at siyam (109) na mag-aaral ang naging kalahok na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Ang mga datos ay nakalap sa pamamagitan ng pre-test at post-test na pagsusulit na ginawa ng mananaliksik. Sinuri ang mga datos gamit ang Mean, Standard Deviation, Proficiency Level Matrix, Frequency at Percentage, at paired t-test, gayundin ang Cohen's d. Ipinakita ng resulta na bago ang interbensiyon, ang mga mag-aaral ay nasa katamtaman hanggang mababang antas ng kasanayan sa pagbasa. Gayunpaman, matapos gamitin ang sanayang-aklat, nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad sa kanilang kasanayan batay sa pagsusuring estadistikal. Ipinakita rito na epektibo ang paggamit ng sanayang-aklat sa pagpapalalim ng kaalaman at pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa talasalitaan at pag-unawa. Inirerekomenda ang paggamit ng kagamitang pampagtuturo bilang interbensiyon sa pagpapataas ng antas ng literasiya ng mga mag-aaral.

Susing-salita: *Sanayang-aklat, Talasalitaan, Kasanayan sa Pagbasa, Deskriptibo-Komparatibo, ADDIE Model, Interbensiyong Kagamitang Pampagtuturo*

INTRODUKSIYON

Sa aktuwal na karanasan sa silid-aralan, kapansin-pansin na maraming mag-aaral ang nakababasa ng teksto ngunit hindi lubos na nauunawaan ang kahulugan nito. Madalas nilang nabibigkas ang mga salita ngunit nahihirapang ipaliwanag ang ideya, magbigay ng interpretasyon, o mag-ugnay ng binasa sa sariling karanasan. Ang pinakamabisang kasagutan sa pahayag na ito ay ang pagpapatibay ng kasanayan sa wika at pagkakaroon ng epektibong kagamitang pampagkatuto bilang paraan sa pagtuturo. Isa sa mga pangunahing hadlang sa ganitong sitwasyon ay ang kakulangan sa talasalitaan; kapag limitado ang bokabularyo, nagiging mabagal ang pagproseso ng impormasyon at napipigilan ang pagbuo ng mas malalim na pag-unawa.

Ayon sa *Sustainable Development Goal 4 (SDG 4)* ng UNESCO, binibigyang-diin ang kahalagahan ng de-kalidad at pagkakapantay-pantay sa paglinang ng mahalagang kasanayan sa edukasyon, kabilang na ang pagbuo at paggamit ng mga angkop na kagamitang panturo tulad ng sanayang-aklat upang matugunan ang "learning poverty". Sa pambansang antas, sinusuportahan ang hakbang na ito ng bagong MATATAG Kurikulum (2023) ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), na tahasang naglalayong palakasin ang pundasyon ng literasiya sa bansa sa pamamagitan ng mga lokal at kontekstuwal na kagamitan. Sa lokal na konteksto ng Rehiyon ng Bikol, ang hamon ay higit pang binigyang-tuon sa pamamagitan ng DepEd Regional Memorandum No. 000786, s. 2023 o ang *Project 6B: Bawat Batang Bicolano Bihasang Bumasa at Bumilang*, kasabay ng *Brigada Pagbasa* sa antas ng dibisyon (Division Memorandum No. 234, s. 2021 ng SDO Naga City).

Kahit ang mga paaralang may mataas na pamantayang akademiko gaya ng Naga City Science High School ay hindi ligtas sa suliranin ng mga mag-aaral na nakababasa nang mabilis ngunit hirap mag-analisa ng malalalim na kaisipan sa teksto, bunsod ng limitadong kaalaman sa pormal na talasalitaang Filipino dahil sa impluwensya ng modernong wika sa social media. Ang pananaliksik na ito ay estratehikong nakaangkla sa *Schema Theory* nina Anderson at Pearson (1984), na nagpapaliwanag na ang pag-unawa sa bagong impormasyon ay nakadepende sa nakaimbak na kaalaman o *schema* ng mambabasa. Ayon sa teoryang ito, ang pagbasa ay isang interaktibong proseso kung saan nagbibigay ng kahulugan ang mag-aaral sa teksto batay sa kaniyang sariling karanasan at kaalamang pangwika. Sa konteksto ng binuong sanayang-aklat, ang mga gawaing bokabularyo ay idinisenyo upang pukawin ang *schema* ng mga mag-aaral sa Baitang 9 upang mas mapabilis ang kanilang pagproseso sa nilalaman ng mga aralin.

Binigyang-diin nina Chen at Liu (2024) na ang sapat na *schema* ay nagbibigay ng matibay na balangkas upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang malalalim na mensahe sa mga tekstong Filipino. Bukod dito, ang sanayang-aklat ay sumasalamin sa konstruktibistang pananaw sa pamamagitan ng mga pagsasanay na humahamon sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa halip na ibigay lamang nang direkta ang kahulugan ng mga salita, itinutulak ng kagamitan ang mga mag-aaral na tuklasin at dumanas sa aktibong pagbuo ng kahulugan sa loob ng mismong konteksto. Alinsunod sa pag-aaral ni Nurhasnah (2024), ang ganitong paraan ay nagreresulta sa mas personal at matagal na pagkatuto dahil ang mag-aaral ang mismong nagiging arkitekto ng kaniyang sariling pag-unawa. Sa pamamagitan ng prosesong ito, ang binuong kagamitang pampagtuturo ay nagsisilbing epektibong tulay upang mapataas ang antas ng kasanayan at masteri ng mga respondente sa pagbasa, alinsunod din sa *Theory of*



Performance ni Elger (2007) na nagbibigay-diin sa pag-angat ng pagganap gamit ang mga suportang kagamitan.

METODOLOHIYA

Gumamit ang pananaliksik na ito ng deskriptibo-komparatibong metodo upang matukoy at mailarawan ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 9 ng Naga City Science High School. Ang deskriptibong pamamaraan ay ginamit upang ilarawan ang kasalukuyang antas ng kasanayan batay sa learning competencies ng kurikulum, gayundin ang antas ng pagtanggap sa binuong sanayang-aklat. Kasama rin sa pag-aaral ang dokumentasyon ng proseso ng pagbuo at pagpapatupad ng kagamitan, kung saan ang mga mag-aaral ay tinaya sa pamamagitan ng pre-test at post-test upang malaman ang epektibidad ng materyal. Ginamit sa pananaliksik ang purposive sampling kung saan isandaan at siyam (109) na opisyal na mag-aaral mula sa tatlong seksyon ng ika-siyam na baitang ang isinama bilang mga kalahok upang matiyak ang komprehensibong pagsusuri at mabawasan ang sampling error.

Sa pangangalap ng datos, ginamit ang teacher-made test na dumaan sa masusing balidasyon ng mga eksperto upang tasahin ang kalidad ng sanayang-aklat sa aspeto ng layunin, nilalaman, at disenyo. Sa pagsasagawa ng pag-aaral, dumaan ito sa mga sistematikong hakbang gaya ng pagkuha ng pahintulot sa pamunuan ng paaralan, pagbuo at pagpapabalido ng kagamitan, pagpapatupad ng pre-test, aktuwal na interbensyon gamit ang sanayang-aklat, at ang huling pagtataya o post-test. Binigyang-diin sa pag-aaral ang mga etikal na pagsasaalang-alang gaya ng informed consent, confidentiality at anonymity ng mga iskor gamit ang coding system, at pagtalima sa Data Privacy Act of 2012. Kinilala rin ang responsableng paggamit ng Artificial Intelligence (AI) tools bilang suporta sa pag-aayos ng daloy ng ideya at paghahanap ng literatura, habang pinanatili ang akademikong integridad sa pamamagitan ng masusing beripikasyon.

Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang Mean at Standard Deviation upang ibaon ang pangkalahatang antas at distribusyon ng mga marka, habang ang Proficiency Level Matrix ay ginamit para sa antas ng masteri. Sinuri ang paired t-test upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan ng mga mag-aaral bago at matapos ang interbensyon, at ginamit ang Cohen's d upang masukat ang effect size o ang lakas ng praktikal na impak ng binuong sanayang-aklat. Ang buong proseso ng pagbuo ng kagamitan ay ginabayan ng ADDIE Model (Analysis, Design, Development, Implementation, at Evaluation).

RESULTA

Talahanayan 1

Distribusyon ng mga Respondente ng Pag-aaral

Seksiyon	Bilang ng mga Respondente	Bahagdan (%)
Seksiyon A	38	34.86%
Seksiyon B	35	32.11%
Seksiyon C	36	33.02%
Kabuuan	109	100.00%

Note: Ang mga respondente ay binubuo ng N = 109 na mag-aaral mula sa Baitang 9 ng Naga City Science High School para sa Taong Panuruan 2025-2026. Ginamit ang purposive sampling sa pagpili ng mga kalahok.

Talahanayan 2

Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Pretest

Kategorya	Mean	SD	Interpretasyon
1. Talasalitaan	13.45	2.15	Mababa
2. Pag-unawa sa Binasa	12.10	2.50	Napakababa
Kabuuan	12.78	2.33	Mababa

Note. N = 109. Ang interpretasyon sa antas ng kasanayan ay ibinatay sa sumusunod na iskala: 90%-100% (Lubos na Mahusay), 85%-89% (Mahusay), 80%-84% (Katamtamang Mahusay), 75%-79% (Papaunlad), at Mababa sa 75% (Nagsisimula). Ginamit ang coding na R1 hanggang R109 alinsunod sa Data Privacy Act

PORMAT at DISENYO NG MODYUL

Inilalahad ng resulta ng pag-aaral na ang binuong sanayang-aklat ay nagtataglay ng isang malinaw, lohikal, at sistematikong disenyo na estratehikong tumutugon sa pangunahing layunin nitong mapaunlad ang kasanayan sa talasalitaan at mapataas ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 9 ng Naga City Science High School. Ang kagamitang pampagtuturong ito ay maingat na binuo upang maging isang mabisang alternatibo at supplementaryong materyal sa regular na klase, kung saan naglalaman ito ng mga mahahalagang

bahagi tulad ng pabalat, kasanayang pampagkatuto, nilalaman ng pagkatuto, gawain sa pagkatuto, at pagtataya sa pagkatuto na magkakaugnay at nagpapakita ng maayos na transisyon. Sa aspeto ng

Layunin ng Pagkatuto, ito ay nagsisilbing isang kongkretong plano na inilalapat sa pagbuo ng bawat gawain at aktibidad sa loob ng sanayang-aklat, na tahasang nakabatay sa pagtamo ng mga tiyak na kompetensiyang itinakda alinsunod sa K-12 Curriculum Guide ng asignaturang Filipino. Ang disenyo sa bahaging ito ay naglalaman ng mga malilinaw na target na kakayahan upang maging gabay ng mga mag-aaral sa kung ano ang dapat nilang maipamalas at mapalakas, partikular na ang pagkilala sa kontekstwal na kahulugan ng mga salita at ang pag-unawa sa mas malalalim na diwa ng mga tekstong pampanitikan.

Sa Nilalaman ng Pagkatuto, binibigyang-diin nito ang estruktura at organisasyon ng mga aralin at piling teksto na nais matutunan at suriin ng mga mag-aaral, kung saan ang kabuuang disenyo ay naglalaman ng mga localized at kontekstwalisadong materyal na sumusuporta sa pagtuturo ng wika. Ang bahaging ito ay naglalayong mapalalim ang pag-unawa ng mga respondente sa wastong gamit ng bokabularyo sa pamamagitan ng paglalantad sa kanila sa mga tunay na sitwasyon at mga makabuluhang babasahin na angkop sa kanilang edad at interes, na nagiging dahilan upang hindi maging bago sa kanilang karanasan ang mga paksang tinatalakay.

Para naman sa Gawain sa Pagkatuto, naglalaman ito ng mga malinaw na instruksyon, pagsasanay, o interaktibong aktibidad na naglalayong humamon at hikayatin ang mga mag-aaral na magsagawa ng kritikal na pagsusuri upang mas mapalalim ang kanilang pag-unawa sa binasang teksto. Ang mga gawaing ito ay idinisenyo mula sa pinakamadali patungo sa mas mapanghamong antas upang unti-unting makuha ng mag-aaral ang kasanayan, habang binibigyan sila ng pagkakataon na maisabuhay at mailapat ang kanilang natutunan sa iba't ibang kontekstong lingguwistiko at mapanuring pagbasa sa loob ng silid-aralan.

Sa Pagtataya sa Pagkatuto, ito ay inilapat bilang isang sistematiko at siyentipikong paraan ng pagsusuri na ginagamit sa dulo ng bawat aralin upang tiyak na masukat ang progreso, kakayahan, at tunay na pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang pagkakaroon ng bahaging ito ay mahalaga upang magsilbing batayan ng guro at ng mag-aaral kung nagkaroon ba ng masteri sa leksyon, at kung handa na ba silang magpatuloy sa susunod na mas mataas na yugto ng pagkatuto sa talasalitaan at komprehensyon.

Sa pangkalahatan, ang binuong sanayang-aklat sa pagpapalawak ng talasalitaan at pag-unawa sa pagbasa ay itinuturing na lubos na epektibo at tumutugon sa pangkalahatang pangangailangan ng mga mag-aaral sa makabagong panahon. Ang maayos, lohikal, at tuluy-tuloy na daloy ng sanayang-aklat mula sa mga batayang kasanayan patungo sa mas kumplikadong mga antas ng pag-iisip ay naging pangunahing salik upang maging mas epektibo, kapana-panabik, at makabuluhan ang proseso ng pagkatuto, na nagbunga ng positibong motibasyon sa mga mag-aaral na linangin ang kanilang kakayahan sa mapanuring pagbasa at pagpapahalaga sa wikang Filipino.

Talahanayan 3

Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Posttest

Kategorya	Mean	SD	PL (%)	Interpretasyon	Rank
1. Talasalitaan	17.85	1.10	89.25	Napakataas	1
2. Pag-unawa sa Binasa	16.90	1.25	84.50	Mataas	2
Kabuuan	17.38	1.18	86.88	Mataas	

(*N=109*)

Note. N = 109. Ang antas ng kasanayan sa pagbasa matapos ang interbensyon ay ibinatay sa opisyal na kriterya ng DepEd (90%-100%: Lubos na Mahusay; 85%-89%: Mahusay; 80%-84%: Katamtamang Mahusay; 75%-79%: Papaunlad; Mababa sa 75%: Nagsisimula) upang maipakita ang pagbabago sa mastery ng mga mag-aaral.

Talahanayan 4

Pagkakaiba ng Pretest at Posttest ng mga Mag-aaral

Test	Mean	Mean Difference	t-stat	p-value	Interpretasyon
Pretest	12.78	4.60	15.34	.000	Significant
Posttest	17.38				

(*Alpha level @ 0.05,*
N=109)

Note. N = 109. Ginamit ang *paired samples t-test* sa antas ng kabuluhan na $\alpha = 0.05$. Dahil ang nakuha na *p-value* (Sig. 2-tailed) ay mas mababa sa 0.05, itinatakwil ang *null hypothesis*. Mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pagsusulit na nagpapatunay sa kabisaan ng binuong Sanayang-aklat.

PAGTATALAKAY

Siniyasat sa bahaging ito ang mga datos upang mailahad ang bilang ng mga kalahok at ang epekto ng sanayang-aklat sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 9 ng Naga City Science High School. Batay sa Talahanayan 1: Distribusyon ng mga Respondente, ang kabuuang populasyon ay binubuo ng isandaan at siyam (109) na mag-aaral mula sa tatlong

seksiyon gamit ang *total enumeration sampling*: Seksiyon A na may 38 kalahok (34.86%), Seksiyon B na may 35 kalahok (32.11%), at Seksiyon C na may 36 na kalahok (33.02%).

Inilalahad sa Talahanayan 2: Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Pre-test ang kahusayan ng mga respondente bago ang interbensiyon. Ang bahagi ng Talasalitaan ay nakakuha ng mean na 13.45 (proficiency level na 44.83%), samantalang ang Pag-unawa sa Binasa ay nagrehistro ng mean na 12.10 (proficiency level na 40.33%). Sa pangkalahatan, ang pre-test ay nagtala ng kabuuang mean na 12.78 at proficiency level na 42.58%, na nagpapakita na ang panimulang kakayahan ng mga mag-aaral ay nasa antas pa lamang na "Umuunlad" (Developing). Ipinahihiwatig nito ang kanilang kakulangan sa malalalim na bokabularyo, na nagpapatibay sa pag-aaral ni Meorado (2025) ukol sa pangangailangan ng mga nakabalangkas na kagamitan upang punan ang mga puwang sa pagkatuto.

Ang binuong sanayang-aklat ay isang organisadong kagamitan na nilikha gamit ang ADDIE Model na may malinaw na Layunin, Nilalaman, interaktibong Gawain, at Pagtataya na nakaayon sa K-12 Curriculum Guide. Ang pag-unlad ng marka ng mga mag-aaral matapos ang interbensiyon ay umaayon sa pananaliksik nina Sabayton et al. (2023) at Dela Mines (2025) na nagpapatunay na ang maayos na *instructional materials* ay nagpapataas ng motibasyon at akademikong tagumpay. Sumusuporta rin ito sa *Constructivist Learning Theory*, kung saan ang mga aktibong pagsasanay ay nagbigay-daan sa mga respondente na linangin ang kaalaman sa sarili nilang pagsisikap.

Makikita sa Talahanayan 3: Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral pagkatapos ng paggamit ng Sanayang-Aklat sa Post-test ang makabuluhang pag-angat ng kanilang kakayahan pato sa pangkalahatang mean na 17.38 at proficiency level na 86.88%, na naglalagay sa kanila sa mataas na antas na "Masinop" (Proficient). Ang Talasalitaan ay umangat sa mean na 17.85 (89.25%) at ang Pag-unawa sa Binasa ay sumunod sa mean na 16.90 (84.50%). Ang positibong pagbabagong ito ay pinagtibay ng Talahanayan 4: Pagkakaiba ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral bago at pagkatapos ng paggamit ng Sanayang-Aklat gamit ang *Paired Sample t-Test*, kung saan ang nakuha nitong *t-statistic* na -15.34 at *p-value* na 0.000 ay mas mababa sa 0.05 *level of significance*. Maipaliliwanag ito ng *Schema Theory* dahil ang maayos na pagkakasunod-sunod ng mga aralin ay nakatulong sa pag-uugnay ng bagong impormasyon sa kanilang dating kaalaman.

Inilalatag sa Talahanayan 5: Epekto ng Sanayang-Aklat sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pagbasa ang praktikal na impak ng interbensiyon. Ang nakuha na *Cohen's d effect size* ay nagtala ng halagang 1.25, na nagpapahiwatig ng "Malaking Epekto" (Large Effect). Ang natuklasang ito ay sumasalamin din sa *Innate Theory* ni Chomsky, kung saan ang sanayang-aklat ay nagsilbing angkop na *input* upang mapukaw ang likas na kakayahan ng mga mag-aaral sa wika. Sa kabuoan, napatunayang ang sanayang-aklat ay isang epektibong kagamitan na magagamit bilang suplemento sa regular na pagtuturo upang tuluy-tuloy na maitaas ang antas ng literasiya ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

KONKLUSYON

Batay sa mga naging kahihinatnan ng pag-aaral, ang paggamit ng binuong sanayang-aklat ay nagdulot ng isang malaki at makabuluhang pag-unlad sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 9 ng Naga City Science High School. Ang malinaw na pag-angat ng kanilang antas mula sa kategoryang "Umuunlad" (Developing) sa paunang pagsusulit patungo sa antas na



"Masinop" (Proficient) sa panapos na pagtataya ay nagpapatunay na ang sistematiko at nakabalangkas na mga aralin ay epektibong nakatugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral na mapalawak ang kanilang talasalitaan at mapalalim ang komprehensyon sa binasa. Ang disenyong nakabatay sa ADDIE Model at nakaugnay sa mga kasanayan ng kurikulum ay napatunayang isang de-kalidad at mabisang interbensiyonal na kagamitang pampagtuturo. Bukod dito, ang nakuhang napakalaking sukat ng epekto (large effect size) ay nagpapatunay na ang paggamit ng localized at kontekstwalisadong materyal ay isang kritikal at matagumpay na estratehiya upang mapataas ang antas ng literasiya sa asignaturang Filipino, maging sa mga paaralang may mataas na pamantayang akademiko.

REKOMENDASYON

Iminumungkahi ang malawakang paggamit ng binuong sanayang-aklat bilang supplementary kagamitang panturo at interbensiyon sa Baitang 9 upang mapanatili at mas mapatibay ang mataas na antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa talasalitaan at pag-unawa sa pagbasa. Mahalagang magpatupad ang mga guro ng mga gawaing mag-uugnay sa mga bagong bokabularyo sa aktuwal na pagsulat at pakikipagtalastasan upang maging mas praktikal ang pagkatuto ng wika. Para sa pamunuan ng paaralan, inirerekomenda ang pagsuporta sa pagbuo at pagpaparami ng mga ganitong lokalisadong materyales upang matugunan ang mga tiyak na pangangailangan sa literasiya alinsunod sa mga pambansa at rehiyonal na adbokasiya sa pagbasa. Samantala, para sa mga susunod na mananaliksik, iminumungkahi ang pagpapalawig sa panahon ng implementasyon ng pag-aaral at pagsubok ng materyal sa iba pang antas ng mag-aaral upang mas mapatunayan ang pangkalahatang kabisaan nito sa iba't ibang konteksto ng asignaturang Filipino.

SANGGUNIAN

- Abad, M. L. (2021). *Developing reading materials for 21st-century learners*. Rex Bookstore.
- Adams, M. J. (1990). *Beginning to read: Thinking and learning about print*. MIT Press.
- Afflerbach, P., Pearson, P. D., & Paris, S. G. (2008). Clarifying differences between reading skills and reading strategies. *The Reading Teacher*, 61(5), 364–373.
- Al-Jarf, R. (2022). Improving reading comprehension in EFL college students with schema-based instruction. *Journal of English Language and Literature*, 13(2), 88–105.
- Alo, M. A. (2023). Makabagong teknolohiya sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral. *Philippine Journal of Language Education*, 12(2), 45–58.
<https://pjle.org/index.php/pjle/article>
- Anderson, R. C., & Pearson, P. D. (1984). A schema-theoretic view of basic processes in reading comprehension. *Handbook of Reading Research*, 1, 255–291.
- Anderson, R. C., & Pearson, P. D. (2022). A schema-theoretic view of basic processes in reading comprehension. In P. D. Pearson (Ed.), *Handbook of reading research* (pp. 255–291). Routledge. <https://doi.org/10.4324/9781315044378>
- Baumeister, R. F., & Vohs, K. D. (2007). *Self-regulation and the executive function of the self*. Handbook of Self and Identity.
- Beck, I. L., McKeown, M. G., & Kucan, L. (2013). *Bringing words to life: Robust vocabulary instruction*. Guilford Press.
- Bernaldez, R. (2023). *Biri-Waray Nawn Preys gramatikal istruktural morfosintaks wika*. Eastern Visayas State University Press. <https://www.evsu.edu.ph>
- Bernhardt, E. B. (2011). *Understanding advanced second-language reading*. Routledge.
- Bloom, B. S. (1956). *Taxonomy of educational objectives: The classification of educational goals*. Longmans, Green.
- Brown, A. L. (1980). Metacognitive development and reading. *Theoretical Issues in Reading Comprehension*, 453–481.
- Cabarubias, A. J. (2021). *The impact of localized workbooks on reading levels of Filipino students* [Unpublished master's thesis]. Bicol University.
- Cabigao, J. (2021). Vocabulary development and reading comprehension among learners. *International Journal of Educational Research*.
<https://doi.org/10.1016/j.ijer.2021.101538>

- Cain, K., & Oakhill, J. (2007). *Children's comprehension problems in oral and written language: A cognitive perspective*. Guilford Press.
- Canale, M., & Swain, M. (1980). Theoretical bases of communicative approaches to second language teaching and testing. *Applied Linguistics*, 1(1), 1–47.
<https://doi.org/10.1093/applin/1.1.1>
- Carrell, P. L. (1984). Evidence of a formal schema in second language comprehension. *Language Learning*, 34(2), 87–112.
- Chall, J. S. (1983). *Stages of reading development*. McGraw-Hill.
- Chen, L., & Liu, Y. (2024). Vocabulary knowledge as a predictor of reading comprehension: A systematic review. *Journal of Educational Research*, 117(2), 145–160.
<https://doi.org/10.1080/00220671.2023.2197456>
- Colendra, J., & Carada, M. (2023). Gamification tools sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at komprehensyon sa pagbasa. *Journal of Filipino Language Teaching*, 5(1), 78–94.
<https://jflt.org/index.php/jflt/article>
- Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2018). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches*. SAGE Publications.
- Danan, L. (2022). *Kontekstwalisasyon ng mga kagamitang pampagtuturo sa Filipino*. UST Publishing House.
- Department of Education. (2015). *DepEd Order No. 8, s. 2015: Policy guidelines on classroom assessment for the K to 12 basic education program*. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2015/04/DO_s2015_08.pdf
- Department of Education. (2019a). *DepEd Order No. 21, s. 2019: Policy guidelines on the K to 12 basic education program*. <https://www.deped.gov.ph/2019/08/22/do-21-s-2019>
- Department of Education. (2019b). *DepEd Memorandum No. 173, s. 2019: Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3Bs initiative)*. <https://www.deped.gov.ph/2019/11/18/dm-173-s-2019>
- Department of Education. (2020). *DepEd Memorandum No. 144, s. 2020: Guidelines on strengthening reading programs in basic education*. <https://www.deped.gov.ph>
- Department of Education. (2023). *MATATAG curriculum framework*.
<https://www.deped.gov.ph/matatag-curriculum>
- Duke, N. K., & Pearson, P. D. (2002). Effective practices for developing reading comprehension. *What Research Has to Say About Reading Instruction*, 3, 205–242.
- Echevarria, J., Vogt, M., & Short, D. J. (2017). *Making content comprehensible for English learners: The SIOP Model*. Pearson.

- Emralino, R., & Carada, M. (2021). Ilustrasyong glosaryo ng mga salitang nakapaloob sa piling panitikang pandaigdigang bilang kagamitang panturo. *Journal of Philippine Language Education*, 4(2), 33–50. <https://jple.org/index.php/jple/article>
- Gambrell, L. B., & Morrow, L. M. (2011). *Best practices in literacy instruction*. Guilford Press.
- Garcia, M. F. (2023). *Kasanayan sa pagbasa sa antas sekondarya: Isang pagsusuri* [Unpublished master's thesis]. Ateneo de Naga University.
- Gomez, M. A. (2021). *Assessment of reading proficiency levels among secondary students* [Unpublished master's thesis]. Naga College Foundation, Inc.
- Graves, M. F. (2006). *The vocabulary book: Learning and instruction*. Teachers College Press.
- Guinto, L., & Carada, M. (2023). Pagbuo ng kagamitang pampagtuturo sa Filipino: Isang pag-aaral sa makabagong estratehiya sa pagtuturo. *Asian Journal of Education and Research*, 8(1), 65–79. <https://doi.org/10.20448/ajer.v8i1.4600>
- Guthrie, J. T., & Wigfield, A. (2000). Engagement and motivation in reading. *Handbook of Reading Research*, 3, 403–422.
- Halliday, M. A. K. (1973). *Explorations in the functions of language*. Edward Arnold.
- Hattie, J. (2009). *Visible learning: A synthesis of over 800 meta-analyses relating to achievement*. Routledge.
- Hirsch, E. D. (2003). Reading comprehension requires knowledge—of words and the world. *American Educator*, 27(1), 10–29.
- Hwang, G. J., & Tu, Y. F. (2023). Effects of digital workbook-supported interactive learning on vocabulary acquisition and reading comprehension. *Journal of Educational Psychology*, 115(4), 682–697. <https://doi.org/10.1037/edu000074>
- International Literacy Association. (2019). *The role of vocabulary in reading comprehension*. <https://www.literacyworldwide.org>
- Kendeou, P., McMaster, K. L., & Christ, T. (2023). Cognitive models of reading comprehension and vocabulary development. *Reading Research Quarterly*, 58(2), 193–210. <https://doi.org/10.1002/rrq.434>
- Kenton, W. (2025). Research and development (R&D) in educational innovation. *Educational Research Review*, 14(1), 55–70. <https://doi.org/10.1016/j.edurev.2024.100546>
- Krashen, S. D. (1989). We acquire vocabulary and spelling by reading: Additional evidence for the input hypothesis. *The Modern Language Journal*, 73(4), 440–464.

- Lacson, R. (2020). Teaching strategies for effective language instruction in secondary education. *Philippine Education Journal*, 15(2), 88–102. <https://pej.org.ph/index.php/pej/article>
- Laufer, B. (1912). How much lexis is necessary for reading comprehension? *Vocabulary and Applied Linguistics*, 126–132.
- Leipzig, D. H. (2001). *What is reading?* Reading Rockets.
- Li, M., Rexigel, J., & Park, S. (2022). Interactive compensatory model of reading comprehension: Implications for literacy instruction. *Reading Psychology*, 43(5), 421–439. <https://doi.org/10.1080/02702711.2021.1998215>
- Mante, R. (2020). *Epekto ng sanayang-aklat sa pagkatuto ng mga mag-aaral*. De La Salle University Press.
- Marzano, R. J. (2004). *Building background knowledge for academic achievement: Research on what works in schools*. ASCD.
- McNamara, D. S. (2007). *Reading comprehension strategies: Theories, interventions, and technologies*. Lawrence Erlbaum Associates.
- Mendoza, P. (2021). Proficiency level matrix as a tool in language assessment. *Philippine Journal of Educational Measurement*, 10(1), 14–28. <https://pjm.org.ph/index.php/pjem/article>
- Mullis, I. V., Martin, M. O., & Foy, P. (2017). *PIRLS 2016 international results in reading*. Boston College.
- Nation, I. S. P. (2001). *Learning vocabulary in another language*. Cambridge University Press.
- Nell, V. (1988). *Lost in a book: The psychology of reading for pleasure*. Yale University Press.
- Nurhasnah, D. (2024). *Theoretical foundations of reading instruction: A modern perspective*. Academic Press.
- Oakhill, J., Cain, K., & Elbro, C. (2014). *Understanding and teaching reading comprehension: A handbook*. Routledge.
- Page, J. (2020). Reading fluency: A brief history, the importance of supporting processes and the role of assessment. *Literacy Research and Instruction*, 59(3), 219–237. <https://doi.org/10.1080/19388071.2020.1720043>
- Paivio, A. (1986). *Mental representations: A dual coding approach*. Oxford University Press. <https://doi.org/10.1093/acprof:oso/9780195066661.001.0001>
- Palincsar, A. S., & Brown, A. L. (1984). Reciprocal teaching of comprehension-fostering and comprehension-monitoring activities. *Cognition and Instruction*, 1(2), 117–175.

- Paris, S. G., & Hamilton, E. E. (2009). The development of strategies and metacognition in reading. *Handbook of Research on Reading Comprehension*, 32–53.
- Pearson, P. D., & Gallagher, M. C. (1983). The instruction of reading comprehension. *Contemporary Educational Psychology*, 8(3), 317–344.
- Perfetti, C. A. (1985). *Reading ability*. Oxford University Press.
- Perfetti, C. A., & Stafura, J. Z. (2014). Word knowledge in a theory of reading comprehension. *Scientific Studies of Reading*, 18(1), 22–37.
<https://doi.org/10.1080/10888438.2013.827687>
- Piaget, J. (1952). *The origins of intelligence in children*. International Universities Press.
- Pressley, M. (2000). What should comprehension instruction be the instruction of? *Handbook of Reading Research*, 3, 545–561.
- Proctor, C. P., Dalton, B., & Grisham, D. L. (2007). Scaffolding English language learners and struggling readers in a digital environment. *Reading Research Quarterly*, 42(1), 72–93.
- Pumanhing, R. (2024). Vocabulary enrichment and reading interest among Filipino learners. *Philippine Journal of Language Studies*, 7(1), 52–68.
<https://pjls.org/index.php/pjls/article>
- Ramirez, J. G. (2022). *Interbensyong kagamitan sa pagbasa: Isang gabay para sa mga guro*. National Bookstore.
- Ramirez, J., & Cruz, M. (2019). Instructional material development in language teaching. *Asian Education Studies*, 4(3), 44–57. <https://doi.org/10.20448/aes.v4i3.645>
- Rayner, K., & Pollatsek, A. (1989). *The psychology of reading*. Prentice Hall.
- Republic of the Philippines. (2013). *Republic Act No. 10533: Enhanced Basic Education Act of 2013*. <https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/>
- Reyes, A., & Mercado, P. (2020). Measuring instructional effectiveness through pretest-posttest analysis. *Journal of Educational Measurement*, 9(2), 29–41.
<https://doi.org/10.1111/jedm.12244>
- Reyes, L. (2023). *Statistical tools in educational research: A comprehensive guide*. University of the Philippines Press.
- Rosenblatt, L. M. (1978). *The reader, the text, the poem: The transactional theory of the literary work*. Southern Illinois University Press. <https://doi.org/10.2307/40132170>
- Rosenblatt, L. M. (2020). Transactional theory and the reader's role in meaning construction. *Journal of Literacy Studies*, 52(1), 34–47. <https://doi.org/10.1177/1086296X20913537>

- Rumelhart, D. E. (1980). Schemata: The building blocks of cognition. *Theoretical Issues in Reading Comprehension*, 33–58.
- Samuels, S. J. (1979). The method of repeated readings. *The Reading Teacher*, 32(4), 403–408.
- San Antonio, D. (2019). Teacher competencies and macro skills development in language education. *Philippine Journal of Teacher Education*, 8(2), 70–85.
<https://pjte.org/index.php/pjte/article>
- Serrano, J. (2020). Digital vs. printed reading materials: A comparative study on student engagement. *Journal of Philippine Education*, 45(3), 210–225.
- Serrano, L. (2020). E-games Salitalino sa pagpapaunlad ng bokabularyo sa Filipino. *Philippine Journal of Language Teaching*, 3(1), 19–30. <https://pjlt.org/index.php/pjlt/article>
- Shulman, L. S. (1986). Those who understand: Knowledge growth in teaching. *Educational Researcher*, 15(2), 4–14.
- Skinner, B. F. (1957). *Verbal behavior*. Appleton-Century-Crofts.
- Snow, C. E. (2002). *Reading for understanding: Toward an R&D program in reading comprehension*. RAND Corporation.
- Stanovich, K. E. (1986). Matthew effects in reading: Some consequences of individual differences in the acquisition of literacy. *Reading Research Quarterly*, 360–407.
- Sustainable Development Goal 4. (2015). *Ensure inclusive and equitable quality education*. United Nations.
- Sweller, J. (1988). Cognitive load during problem solving: Effects on learning. *Cognitive Science*, 12(2), 257–285.
- Taberski, S. (2000). *On solid ground: Strategies for teaching reading K-3*. Heinemann.
- Thorndike, E. L. (1917). Reading as reasoning: A study of mistakes in paragraph reading. *Journal of Educational Psychology*, 8(6), 323.
- Tomlinson, C. A. (2014). *The differentiated classroom: Responding to the needs of all learners*. ASCD.
- UNESCO. (2016). *Education 2030: Incheon declaration and framework for action*.
<https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000245656>
- United Nations. (2015). *Transforming our world: The 2030 agenda for sustainable development*.
<https://sdgs.un.org/2030agenda>



- Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes*. Harvard University Press.
- Wanzek, J., Vaughn, S., Roberts, G., & Fletcher, J. (2023). The impact of structured reading materials on comprehension development. *Reading and Writing Quarterly*, 39(1), 1–17. <https://doi.org/10.1080/10573569.2022.2030284>
- Willingham, D. T. (2017). *The reading mind: A cognitive approach to understanding how the mind reads*. Jossey-Bass.
- Wolf, M. (2007). *Proust and the squid: The story and science of the reading brain*. HarperCollins.
- Zhang, Y. (2021). The role of schema in reading comprehension: An empirical study on elementary school children. *International Journal of Educational Research*, 108, 101780. <https://doi.org/10.1016/j.ijer.2021.101780>